



PAGHAHANDA SA PAGBABAGO

Liksyon 3 para sa ika-20 ng Abril, 2019

A Paghahanda sa pagbabago.

- ❖ Mahahanda ba tayo upang maharap natin ng tama ang anumang pagbabago?
- ❖ Oo, maari tayong mahanda—kahit maaari tayong mabigo sa ilang pagbabago, dahil hindi tayo perpekto.
- ❖ Ang susi ay ang pagkakaroon ng relasyon sa Dios araw-araw. Sa ganun, mahaharap natin ang mga pagbabago ng may pananampalataya at pagtitiwala. Magiging handa tayong sumunod sa Dios anuman ang pangyayari o tuksong darating.

B Paghahanda sa pag-aasawa.

- ❖ Dinadala ng pag-aasawa ang isang babae at lalaki sa pagiging isa. Ang relasyong iyon ay mas matibay kaysa sa ating mga magulang o sa iba man, ngunit hindi nagpapawalang bisa sa kanila.
- ❖ Pag-aralan ang mga talata at itanong sa iyong sarili ang tungkol sa magiging kabiak mo. Makakapasa ka ba sa pasulit na ito bilang kabiak?
 - Kawikaan 24:30-34. Siya ba ay masipag?
 - Kawikaan 22:24-25. Siya ba ay magagalitin?
 - 2 Corinto 6:14-15. Pareho ba ang pananampalataya ninyo?
 - Kawikaan 11:14. Ano ang iniisip ng aking pamilya at mga kaibigan?
 - Kawikaan 3:5-6. Nadadala lang ba ako ng aking damdamin?

C Paghahanda sa pagiging magulang.

- ❖ Ang pagsilang ng bata ay isang malaking pagbabago para sa mga magulang. Kaligayahan, responsibilidad, kabalisan...
- ❖ Ayon sa Biblia, paano tayo mahahanda sa pagiging magulang?
 - 1 Samuel 1:27. Laging ipanalangin siya, kahit bago siya ipanganak.
 - Judges 13:7. Maging maingat sa pagkain at kalusungan sa pagbubuntis, at huwag tumigil matapos na magluwal.

- Lucas1:6. Lumayo sa kasalanan.
- Lucas 1:41. Humingi ng gabay sa Banal na Espiritu.
- Lucas 1:46-47. Magpasalamat sa Dios sa biyaya ng bagong buhay.
- Lucas 1:76. Ang pangunahin mong hangarin ay palakihin ang iyong anak sa paraan magiging tunay siyang anak ng Dios.

D Paghahanda sa pagtanda.

- ❖ Ang paghahanda sa katandaan ay nagsisimula sa kabataan.
- ❖ Ang mga ugaling nabuo mula sa pagkabata ay may kinalaman sa paraan ng pamumuhay natin sa pagtanda.
- ❖ Ayon sa Awit 71, paano tayo mahahanda sa pagtanda?
 - Kilalanin ang Dios sa personal at malalim na paraan (v. 1-7).
 - Pagkamit ng mabuting ugali: tiwala sa Dios (v. 3), pagpuri (v. 6), pag-asa (v. 14).
 - Pagmamahal sa misyon (v. 15-18).

E Paghahanda sa kamatayan.

- ❖ Ang kamatayan ay hindi maiiwasan ng lahat ng tao, hanggang sa Ikalawang Pagdating (Genesis 3:19).
- ❖ Walang sinumang makakahanda sa biglaang kamatayan (kahit sa sarili o mahal sa buhay). Mahirap tumanggap sa kamatayan, kahit inaasahan na natin ito.
- ❖ Gayunman, maaari tayong maghintay ng walang takot kung tayo'y laging nababalot ng katuwiran ni Kristo (Roma 4:7).
- ❖ Nang malapit nang mamatay si David, sinigurado nyang may pinakamabuti siyang maiiwan: pinayuan niya ang kanyang anak na sumunod sa paraan ng Dios (1 Hari 2:1-3).
- ❖ Alalahanin natin na nagtagumpay na si Jesus sa kamatayan (1 Corinto 15:54-55).